REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 92-251

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGPAPATIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA NG PAGPAPA-KONKRETO NG KALYE SA TOPHILL VILLAGE SA LAKEVIEW HOMES SUBDIVISION, BARANGAY PUTATAN, MUNTINLUPA AT ANG PAGLALAAN NG HALAGANG LIMAMPUNG LIBONG PISO (P50,000.00) PARA DITO.

- Ipinanukala ni: KON. LUCIO B. CONSTANTINO

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang pagmamay-ari ng kalye sa Tophill Village ay nailipat na sa pamahalaang bayan;

SAPAGKAT, ang kapakanan ng mga mamamayan ay pangunahing gawain ng mga namumuno sa pamahalaan kung kaya't ang mga inprastrakturang proyekto ay laging isinasaalang-alang para sa kaginhawahan ng mga ito;

SAPAGKAT, mayroong nakalaang pondo ang pamahalaang bayan na nagkakahalaga ng Limampung Libong Piso (P50,000.00) para sa pagpapakonkreto ng Kalye sa Tophill sa Lakeview Homes;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na nagsasaad ng pagpapatibay ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ng pagpapa-konkreto ng Kalye sa Tophill sa Lakeview Homes Barangay Putatan, Muntinlupa at ang paglalaan ng halagang Limampung Libong Piso (P50,000.00) para dito.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 193rd regular na pulong na ginanap ngayong ika-2 ng Marso, 1992 sa Bulwagan ng People's Center , Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG.ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINAGTIBAY :

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts